

Prologue



Nagising siya mula sa mahabang pagkakatulog. Napanaginipan niyang lumulutang siya sa tubig. Napagtanto niyang hindi panaginip iyon nang madama ang matinding lamig. Basang-basa ang kanyang damit at nakalubog ang buong katawan niya sa tubig.

Napakadilim ng buong paligid, buti na lamang at maliwanag ang buwan sa langit.

Alam niyang nasa pampang siya. Naririnig niya ang paghampas ng mga alon sa tabing-dagat at nararamdaman niya ang gaspang ng buhangin sa likod niya. Pinilit niyang bumangon, pero parang wala na siyang lakas.

Nananakit ang buo niyang katawan na tila ba ang tagal niyang hindi gumalaw. Parang ayaw kumilos ng mga kamay at mga paa niya. Ibiniling niya ang ulo at pinagala ang tingin. Parang umikot ang buong paligid kaya muli siyang pumikit. Nanghihinang sinalat niya ang noo.

Bakit parang may bukol? Saan ko ito nakuha?

Hindi rin niya matandaan kung paano siya napunta sa tabing-dagat.

Muli siyang nanginig sa lamig. Nauuhaw siya. Nagugutom. Iminulat niya ang mga mata at muling sinubukang bumangon. Kailangan niyang makaalis sa tubig.

Kahit nanlalambot at nahihilo ay pinilit niyang ihakbang ang mga paa palayo sa pampang. Di pa nakakalayo ay bumigay ang mga tuhod niya at nadapa siya.

May naaninag siyang ilaw sa di-kalayuan. Sinasabi ng isip niya na doon siya dapat magtungo. Inipon niya ang natitirang lakas upang makalapit sa liwanag. Pero bago pa siya makarating sa pakay ay nagdilim nang muli ang kanyang mundo.

Chapter One



“Kiefer!” Sinundan ng isang sipol ang pagtawag na iyon.

Iyon ang gumising sa kanya. Umaga na pala. Dama niya ang init ng araw sa kanyang balat. Nasa buhanginan pa rin siya.

“Kiefer! Balik dito!” anang boses ng isang lalaki.

Hindi niya napaghandaan ang ginawang pagbati ng napakalaking itim na aso. Hindi siya nakakilos para iwasan ito. Dinilaan nito ang kanan niyang pisngi. Pilit niyang inilayo ang mukha. Gusto niyang sumigaw para patigilin ito, pero walang tinig na lumabas mula sa kanyang bibig. Tuyung-tuyo ang lalamunan niya.

Gising na gising ang ulirat niya, pero ipinikit na lamang niya ang mga mata. Parang wala namang balak ang aso na kagatin siya, pero hindi pa rin siya komportable sa lapit nito. Hindi naman niya kayang tumayo at tumakbo palayo. Kumahol ang aso at halos mabingi siya. Naririnig niya ang hingal nito.

Hindi mo naman ako sasakmalin, di ba?

“Kiefer, pasok!” tawag muli ng lalaki.

Pero kumahol lang nang kumahol ang aso at muli siyang inamoy. Hindi ito umalis sa tabi niya. Narinig niya ang pagkalampag ng tila bakal na gate.

“Kiefer!” ulit ng tinig.

Kumahol muli ang aso na parang sumasagot. Naramdaman niyang nakalapit na sa kanila ng aso ang lalaki. Muli siyang inamoy ng aso at gumawa ito ng ingay na parang umiiyak.

Iminulat niya ang mga mata nang may mga kamay na humawak sa kanya. Nakaluhod ang lalaki sa tabi niya. Inilapit nito ang ulo sa kanyang dibdib, tila pinakikinggan ang tibok ng puso niya at pinakikiramdaman ang paghinga niya.

Itinaas nito ang ulo. Nasilaw siya sa araw at hindi naaninag ang mukha nito. Alam niyang kinakausap siya nito, pero parang hindi niya

naiintindihan ang mga sinasabi ng lalaki.

Tiningnan niya ang malaking aso. Tahimik na itong nakaupo. Hindi niya nahanap ang tinig para tumanggi nang buhatin siya ng lalaki.



Nang muli niyang imulat ang mga mata ay wala na siya sa buhanginan. Nasa loob siya ng isang silid at nasa ibabaw ng isang malambot na kama. Nakatulog ba siya o muling nawalan ng malay?

Napansin niyang yari sa kahoy at kawayan ang kuwartong kinaroroonan. Pinatingkad ng barnis ang natural na kulay ng kawayan at kahoy.

Nahigit niya ang hininga nang makita ang malaking itim na aso na nakaupo sa tabi ng kama. Pinagmamasdan siya nito. Dahan-dahan siyang bumangon. Nang tumayo siya ay kumahol ito, parang pinagbabawalan siyang kumilos. Halos dambahin niya ang papunta sa pinto nang tumayo ang aso.

Binuksan niya ang pinto at dahil sa aso nakatingin ay hindi niya napansin ang tao sa labas ng pintuan. Nabunggo siya sa malapad nitong dibdib at bumagsak sa sahig.

Napatingin siya sa lalaki na hindi kumikilos sa kinatatayuan. Napasimangot siya nang

makitang nakakunot ang noo nito.

Ikaw pa ang galit samantalang ako itong nasaktan?

“Kiefer, upo!” utos nito sa kumakahol na aso.

Pati siya ay naantala ang gagawin sanang pagtayo. May ganoon yata talagang klase ng boses. Authoritative. Lalaking-lalaki. Isang indikasyon na may malakas na personalidad ang may-ari. Ano ba itong iniisip niya?

Lumapit ang lalaki sa kanya at iniabot ang kamay nito. “Huwag kang matakot kay Kiefer. Mukha lang siyang matapang.”

Bakit parang hindi siya talaga nakikita ng lalaki?

Hindi niya inabot ang kamay nito.

Kung di siya nagkakamali ay *Rottweiler* ang aso nito. Hindi iyon *mukhang* matapang lang.

Nagulat siya nang yumuko ang kaharap at hagipin ang kanyang kaliwang braso. Tila nainip na ito. Tinulungan siya nitong tumayo at sa simpleng aksyon na iyon ay napagtanto niyang malakas ito.

Hanggang ilong lang siya nito nang makatayo siya. Hindi lang pala ito matangkad. Makisig din ito. Sandali niyang pinag-aralan ang hitsura ng lalaki. Napakalapit kasi nila sa isa’t isa at kitang-

kita niya ang kulay ng mga mata nito. Brown. May katangusan ang ilong nito at mapupula ang labi. Parang natural dito ang brush up style ng itim na itim nitong buhok.

May karakter ang mukha, naipasya niya.

Hindi maamo, pero hindi rin masasabing mabagsik. Kayumanggi ang balat nito, parang hiyang sa araw. Tanya niya ay nasa early 30's nito ang lalaki. Nakasuot ito ng kupas na maong at *T-shirt* na gray at de-gomang tsinelas, pero may kung anong magnetically attractive dito.

Mas guwapo sana kung nakangiti.

“Siguro nagugutom ka na,” basag nito sa katahimikan.

Gusto niyang mapahiya sa sa tagal ng pagkakatitig sa mukha nito. Hawak pa rin pala siya nito sa braso. Iginiya siya nito palapit sa lamesang puno ng pagkain.

“Kumain ka. Para bumalik ang lakas mo.” Umupo ito malapit sa kanya.

Lumapit sa kanila si Kiefer at naupo sa tabi ng lalaki.

Nag-init ang mukha niya nang tumunog ang kanyang tiyan nang malanghap ang aroma ng pagkain. Pritong manok, sinangag na kanin, sopas, at saging.

Tumingin siya sa lalaki, pero nasa aso ang atensyon nito.

Nagawi ang kanyang tingin sa pitsel ng tubig sa mesa at nagsalin siya ng maiinom sa baso. Pagkatapos uminom ay nagsimula siyang kumain. Halos hindi na niya nguyain ang pagkain. Sunud-sunod na subo ang ginawa niya. Hindi na niya alintana kung pinapanood man siya ng lalaki.

Kailan ba siya huling kumain? Parang ngayon lang siya kumain nang ganoon kabilis.

Pagsulyap niya sa aso, tila pa pinapanood siya nito. Nang mabusog ay muli siyang uminom.

“Salamat,” sabi niya nang tila tumahimik muli ang silid.

Parang nagulat ang lalaki na marinig ang boses niya. Akala siguro nito ay hindi siya nakakapagsalita.

“Alam mo ba kung ano’ng nangyari sa ’yo? Buti nakita ka ni Kiefer.” Tumayo ang mga tainga ng aso nang marinig ang pangalan nito.

Hinaplos ng lalaki ang ulo ni Kiefer.

“May bukol ka sa bandang kaliwa ng iyong noo.”

Napahawak siya sa noo. *Ilang araw ba akong natulog? Gaano katagal ba ako sa tubig?*

Saka lang niya napansing iba na ang suot niya. Pajama top at bottoms na panlalaki. Malaki iyon sa kanya, pero komportable.

Kanya kaya ito? Pinagliitan niya?

Namula siya nang maisip na wala siyang panloob. Parang hindi na niya kayang tingnan muli ang lalaki. Nakita na yata nito ang lahat-lahat sa kanya.

Wala sa loob na napag-ekis niya ang mga kamay tapat ng dibdib.

“Si Inang ang nagpalit sa ’yo. Sabi niya nagkamalay ka raw, pero nakatulog din agad. Baka hindi mo natatandaan. Marami ka rin daw pasa sa katawan.” Seryoso pa rin ang mukha ng lalaki.

Napatingin siya rito.

Malabo sa gunita niya ang tinig ng tila may edad na babae na nagsasabing kailangan niyang uminom ng tubig dahil tuyo na ang mga labi niya, pero nakahinga siya nang maluwag sa narinig.

“Ano pala ang pangalan mo?” tanong nito.

At muling umahon ang kaba. *Sino nga ba ako?*

Hindi niya maalala. Hindi niya alam kung ano ang pangalan niya at kung ano ang nangyari sa kanya. Tila sumakit ang ulo niya.

Muli niyang tiningnan ang lalaki. Naghihintay

ito sa sagot niya.

“Miss, okay ka lang?” tanong nito.

Nag-uunahan ang mga tanong sa isip niya.

Lumubog ba ang barkong sinasakyan ko? Saan ako galing? May gusto bang pumatay o manakit sa akin? Naaksidente ba ako? May mga kasama ba ako? Hinahanap ba nila ako? May pamilya ba akong nag-aalala sa akin?

“Miss?” untag nito.

Umiiyak na pala siya. “Hindi ko alam kung sino ako...” hikbi niya, “at kung ano’ng nangyari sa ’kin.”

Pagkilos ay nasagi niya ang kutsarang nasa kanyang plato at nahulog iyon malapit sa paanan ng lalaki.

“Sorry,” aniya at agad yumuko para kunin ang kutsara, pero yumuko rin ang lalaki at nagkauntugan sila. Napadaing siya dahil sa sakit. Mismong bukol niya sa noo ang natamaaan.

Napahawak siya sa lalaki para bawiin ang balanse niya. Parang hindi naman ito nasaktan. Hinayaan na niya ito sa pagdampot ng kubyertos dahil mas malapit iyon dito.

Nagtaka siya.

Parang kinakapa nito ang sahig. Nang sa wakas ay mahagip nito ang kutsara ay maayos

nitong ipinatong iyon sa mesa at saka humarap sa kanya.

Napatitig siya rito. Bahagya siyang nagulat sa nadiskubre. Hindi pala siya nakikita ng lalaki.

He was blind.

Chapter Two



“Uriel?” Mabait ang mukha ng may-edad na babaeng pumasok sa kusina. May kaliitan ito. Nginitian siya nito nang magsalubong ang kanilang mga paningin.

“Inang, mukhang nagustuhan ng bisita natin ang luto n’yo,” sabi ng lalaki habang nakatingin sa direksyon ng bagong dating.

Kumahol ang aso at sinalubong ang matanda.

“Kiefer, ayaw kong makipaglaro,” sabi ng ginang na parang nakikipag-usap sa bata. “Upo,” utos nito sa aso na sumunod naman. Tumingin ang matanda sa lamesita at napangiti. “Natutuwa ako at nakakain ka nang maayos.”

Nagsimula itong magligpit ng kanyang

pinagkainan. Awtomatikong tumayo siya para tumulong.

“Marami pong salamats,” aniya.

“Walang anuman. Ako si Coralie at siya ang anak kong si Uriel. Maaari mo akong tawaging Inay Cora.” Dinala nila ang mga hugasin sa lababo. “Ikaw, hija, ano’ng itatawag namin sa iyo?”

Malungkot siyang napatungo.

“Wala siyang maalala, Inang,” sabi ng lalaki at tumayo.

Hinawakan siya ni Inay Cora sa balikat. “Huwag kang mag-aalala, babalik din sa ’yo ang alaala mo. Huwag mong puwersahin ang sarili mong mag-isip.”

“Pasensya na po kayo.” Wala siyang ibang masabi.

“Huwag mong intindihin iyon. Ako na ang bahala dito. Mabuti pa ay bumalik ka na sa kuwarto o maglakad-lakad sa labas,” suhestiyon ng ginang.

Napatingin siya sa lalaki na noon ay palabas ng pintuan kasunod ang aso. Tila kabisado nito ang lugar kahit hindi nito nakikita ang paligid.

“Nakakalinlang ang anak ko, ano?”

Namula siya nang mapansing nakatitig

pala sa kanya ang ina ng lalaki. “Sorry po. Nakakahanga po na kaya niyang kumilos nang walang tulong.”

Tumango lamang ito. Tinulungan niya itong magtuyo ng mga pinggan. Sinamahan siya ni Inay Cora pabalik sa silid na ginagamit niya.

“Nandito ang mga gamit mo.” Binuksan nito ang drawer sa bedside table at may kinuha roon.

Iniabot nito sa kanya pagkatapos ang isang relong pambabae. Mukhang waterproof iyon dahil umaandar pa rin sa kabila ng pagkababad sa tubig. Inilagay nito pagkatapos sa palad niya ang isang singsing na may dalawang *dolphin* na nagsalubong para buhin ang pabilog na hugis. May brilyante sa pagitan ng dolphins. May numerong naka-etch sa loob ng band.

F.N. 12-29-09

Napakunut-noo niya, inisip kung may kahulugan ba iyon o kaugnayan sa kanya.

Petsa? Initials? Pero kaninong initials kung sakali?

“Yung damit mo, nilabhan ko muna. Hindi tayo magkasukat dahil matangkad ka,” sabi ng matanda. “Pero may mga inihanda akong ilangambahay at tuwalya na magagamit mo.”

Ngumiti siya rito at nagpasalamat. Muli

niyang pinagmasdan ang mga daliri niya. May maputing bahagi sa kaliwang palasinsingan niya.

Napatungo ang matanda sa tinitingnan niya at saka tumingin sa mga mata niya.

“Iniisip mo ba na baka may asawa kang naghihintay sa ’yo?”

Nagkibit-balikat siya. “Kung meron man, hindi traditional ang wedding ring na napili ko.” Iyon na lang ang sinabi niya. Ano ba ang alam niya? Gusto niyang sabihin na hindi niya maramdaman na may asawa na siya.

“Hindi bale, makikinig tayong patuloy ng balita sa radyo, baka may lumubog na barko o bumagsak na eroplano at may nananawagan para sa ’yo.”

“Aayos lang po ba talagang dumito muna ako sa inyo?” tanong niya.

Tumango ito. “Ang totoo, gusto ka naming dalhin sa doktor para matingnan ang mga pasa mo sa katawan, pero sa isang linggo pa kami makakapunta ng bayan. Malayo kasi ang islang ito at hindi naaabot ng signal. Wala ring diyaryo at wala pa akong nababalitaan na posibleng may kinalaman sa nangyari sa ’yo.”

“Aayos lang naman po ako. Gumagaling na po ang mga pasa ko at hindi naman kalakihan

ang bukol ko. Mukhang wala naman po akong seryosong kondisyon.”

“Mabuti pa rin ang makasiguro. Iwasan mo ang mag-alala. Baka makasama lamang sa ’yo.”

Pinigilan niyang maiyak ulit.

“Babalik din sa ’yo ang lahat,” ulit nito.

Nagpasalamat siyang muli sa matanda bago siya iniwan nito.



Nasa loob siya ng isang silid na napapaligiran ng aquariums o fish tanks na iba't iba ang laki at hugis. May cylindrical, may box type, at may quadrangular. Walang dekorasyon ang mga aquarium, pero may aerator lahat.

Medyo madilim ang silid at mapusyaw ang ilaw sa bawat aquarium. May natanaw siyang isa pang silid, maliwanag at mga taong nakaputi sa loob. Tila isang laboratoryo.

Naka-body suit ang mga taong natatanaw niya. Pati ulo ay balot ng protective gear. May microscope sa harapan ng iba. May pinag-aaralan ang mga ito sa ilalim ng microscope.

Lumapit siya sa isang aquarium. May isang isda sa loob niyon, deformed ang hitsura, tila may kapansanan. Mukhang pagod na ito sa kakalutang.

Nagulat siya nang humarap ang isda sa kanya at banggain ang salamin ng aquarium. Lima ang mata nito at ang mga palikpik ay hugis kamay ng tao.

Napaatras siya nang muli nitong ibangga ang ulo sa salamin, parang gusto siyang atakehin. Napatingin siya sa paligid. *Bakit lalong dumilim?*

Napamulat siya.

At kinabahan sa dilim. *Nasaan ako?*

Nang masanay ang mga mata sa dilim ay nakahinga siya nang maluwag. *Isa lang palang panaginip.*

Bumangon siya at kinuha ang flashlight sa drawer. Binigyan din siya ni Inay Cora ng flashlight kanina. Wala raw kasing kuryente sa lugar. Tumayo siya at maingat na naglakad palapit sa pinto. Gagamit siya ng banyo sa labas. Napasinghap siya nang pagbukas ng pinto ay naroon ulit si Uriel.

“Ginulat mo ako,” sabi niya, tutop ang dibdib.

“Kakatok pa lang sana ako,” matabang nitong sagot. “Handa na ang hapunan. Nauna na kaming kumain.”

Hindi niya alam kung bakit misteryoso ang dating nito sa kanya. Iniisip niya tuloy kung attracted ba siya sa masusungit na lalaki. Gusto

niyang mapaismid.

Nagpapasalamat na lamang siya at hindi siya nito nakikita. At napabuntong-hininga nang maisip na hindi siya nagpapasalamat na bulag ito.

Siguro kung nagkataon, walang babaeng tatanggi sa 'yo...

Pinatay niya ang flashlight. Sayang ang baterya lalo't sapat naman ang liwanag na nanggagaling sa gasera sa lamesa. Napatingin siya kay Kiefer na tila nakabantay sa amo nito.

“Salamat. Sige, pupunta na ako sa hapag.” Hindi ba respeto rito na sabihin niya ang bawat ikikilos? After all, hindi siya nito nakikita.

“Kung ganoon, maiwan na kita. Kung may kailangan ka, magsabi ka lang.” Nalungkot siya na hindi siya nito sasamahan. “Uriel...” aniya nang maglakad ito papunta sa sariling kuwarto.

Hindi ito ngumiti, pero tumigil at bumaling sa kanya. Hindi rin ito umimik.

“Okay lang bang dito muna si Kiefer?” aniya sa tonong may pakiusap.

Tumayo ang mga tainga ng aso at parang ngumiti ito.

Napakunot-noo si Uriel. “Ayos lang, sa salas naman natutulog si Kiefer,” sagot nito. “Natatakot

ka bang mag-isa?”

Tumikhim siya. “Ano kasi... hindi ako sanay na mag-isa sa dilim.”

“Hindi ka sanay?” ulit nito. “May naaalala ka na?”

Napabuga siya ng hangin. “Ibig kong sabihin, hindi ko gusto ang madilim. Hindi ako sigurado kung saan ako sanay, pero may tao bang masaya sa dilim?”

Parang tumiim ang mga mata nito sa narinig at pinagalitan niya ang sarili. Kung may higit na nakakaalam na hindi masaya sa dilim, unang-una na ang lalaking ito na baka mula sa pagkabata ay bulag.

“Ano... ang ibig kong sabihin...” Bahagya siyang nainis nang makitang tila sarkastikong ngumiti si Uriel.

“Okay, sasamahan muna kita. Doon lang kami ni Kiefer sa sala habang kumakain ka.”

“Salamat.” Maliit lang ang bahay at halos walang dibisyon ang kusina at ang sala. Matatanaw niya pa rin ito at si Kiefer habang kumakain siya. Parang natuwa ang loob niya nang malamang hindi agad siya iiwan ng lalaki.

“Pupunta lang ako sandali sa banyo,” paalam niya.

Nang makapaghugas ng kamay ay dumulog na siya sa hapag.

“Maaga talaga kayong matulog?” tanong niya sa lalaking nakaupo sa sofa sa sala. Parang wala pang alas nueve. Hindi niya suot ang relo.

“Madalas. Ganoon talaga ang buhay sa probinsya. Natatakot ka rin bang matulog mag-isa? Kailangan mo ba ng kasama?” tanong ng lalaki.

Namula siya. Parang... tinatawanan siya nito.

Sineryoso na lamang niya ang pagsagot. “Ayos lang. Tingin ko sanay akong matulog mag-isa.”

Tumikhim ang lalaki. “Sorry kung na-offend kita. Ibig kong sabihin, tingin ko ayos lang kay Inang na samahan ka sa silid mo. Kasya pa naman doon ang isang kama.”

“Naku, hindi na. Ang dami ko nang ibinigay na abala sa inyo...” Sinita niya ang sarili sa pag-iisip ng kung ano sa sinabi nito. Ipinagpatuloy niya ang pagkain at napatingin na lamang nang maupo ang lalaki sa pinuwestuhan nito sa hapag kanina. Hindi niya namalayan ang paglapit nito.

“Pasensya na. Alam kong hindi biro ang pinagdaanan mo kaya natural lang na matakot ka kapag napapag-isa.”

Tahimik niyang tiningnan ang binata.

“Salamat sa tulong ninyo. Hindi ko alam kung ano’ng mangyayari sa ’kin kung hindi n’yo ako nakita.”

“Huwag mo nang alalahanin iyon. Marami pa ring mabubuting tao sa mundo. Kung hindi man kami, siguradong may ibang magmamagandang-loob sa ’yo.”

Parang ang lalim ng Tagalog nito. Pasalamat na lang siya at nagkakaintindihan sila. Hindi siya sigurado kung may ibang dialect siyang alam.

“Hindi ka ba kakain ulit?” alok niya. Pritong isda at pinakbet ang ulam.

“Kanina pa kami naghapunan, pati itong si Kiefer.” Hinimas nito ang ulo ng aso.

“Tulog na ba si Inay Cora?”

“Nagpunta lang sandali sa kabilang bahay si Inang.”

May kapit-bahay ang mga ito? Parang nag-iisa itong bahay na natanaw niya mula sa pampang. Sabagay, sadya namang malalayo ang mga bahay kapag probinsya.

Naipasya niyang lumabas bukas para makita ang paligid. Tinapos na niya ang pagkain.

“Uriel, saan pala itong lugar n’yo? Parang sabi ni Inay Cora ay isa itong isla.” Hindi niya napigilan ang sariling magtanong kahit parang

napipilitan lamang makipag-usap ang kasama.

“Nasa Mindoro tayo, sa pulo ng *Princesa Viktoria*. Private property ito ng pamilya Rosales. Katiwala nila ang mga magulang ko. Sa kanila ‘yung bahay bakasyonan sa kabila.”

“Wow! Sariling isla? Ang yaman siguro nila,” bulalal niya. “May kuryente siguro sa malaking bahay, ano?”

“May generator lang,” sagot ng lalaki.

“May iba pa ba kayong kasama dito?” naitanong niya dahil malaki rin ang bahay kahit paano.

“Ibang tao, wala. Sampung taon na mula nang mamatay si Tatang. Nag-iisa lang akong anak. May mga manok at baboy na alaga si Inang. Minsan lang kung magbakasyon ang mga Rosales. Hindi rin sila nagtatagal.”

Gusto sana niyang itanong kung may sariling pamilya na ba ito, kung may girlfriend o anuman, pero pinigilan niya ang sarili. Personal na iyon.

At kung gusto nitong ipaalam ang tungkol doon, ito na mismo ang magsasabi. Isa pa, hindi naman niya kailangang malaman ang ganoong detalye. Hindi rin siya magtatagal sa mga ito.

“Malayo raw kayo sa bayan?” sabi na lang niya para may mapag-usapan.

Makakabuti nga siguro na pumunta siya roon. Baka may matuklasan siya tungkol sa sarili.

“Medyo, isang beses lang sa isang buwan kami pumunta d’un. Sinusundo kami ni Mang Jose, ‘yung may-ari ng inaarkilang bangka. Sa isang linggo, kung maayos na ang pakiramdam mo, kaya mo na sigurong bumiyahe. Mag-file kayo ni Inang ng report sa pulisya at magpakonsulta ka sa doktor.”

Mukhang nag-aalala ito sa kanya.

Sabi ni Inay Cora, may indikasyon daw na ginapos ang mga kamay niya at may inihampas na matigas na bagay sa likod niya base sa malaking pasa roon. Nang bigyan siya ng ginang ng pamalit na damit at tuwalya bago siya maligo kanina ay inabutan din siya nito ng maliit na salamin at suklay.

Hindi niya kilala ang babae sa repleksyon doon. Tanya niya ay nasa late twenties na siya. Gaya ng sabi ni Inay Cora ay mas matangkad siya kaysa sa karaniwang Pinay, tanned ang kanyang balat, at balingkinitan ang katawan. Mahaba ang itim niyang buhok.

Nangangasul ang tabi ng bibig niya sa pasa at ganoon din ang isang pisngi niya. Maga ang kaliwa niyang mata at putok ang labi niya.

Mukhang hindi basta aksidente ang nangyari sa kanya. Parang may nagtangka talaga sa buhay niya.

Pero baka rin ang muntikang pagkalunod ang sanhi ng mga pinsala niya. Hindi malabong nabunggo siya sa mga bato nang sandaling mawalan ng malay.

Himala yatang nakaligtas siya.

May pamilya kaya siyang naghahanap sa kanya? Paano kung ang nag-aabang sa pagbabalik niya ay ang nagtangka sa buhay niya?

“Huwag ka nang umiyak,” malumanay na saad ni Uriel.

Napatitig siya rito. Nakalimutan niyang matalas ang pakiramdam nito. Ikinaway niya ang kanang kamay sa harap nito at nagulat nang hagipin iyon ng lalaki.

“Hindi talaga kita nakikita,” madiin nitong sabi.

“Sorry. I was just...”

“Just what? Trying to prove if I’m truly blind?” Matalim ang mga mata nitong tila nakatutok sa kanya.

Hawak pa rin siya nito. Pinilit niyang bawiin ang kamay, pero lalong hinigpitan ni Uriel ang hawak nito. Napansin niyang magaspang ang

kamay ng lalaki, parang sanay sa trabaho.

Masipag siya kahit may kapansanan? Paano?

Hindi niya maipaliwanag pero bahagya siyang kumalma sa nadamang init mula sa hawak nito.

“Pasensya na talaga.” Malamang sawa na ang lalaki sa pagpuna ng mga tao sa kapansanan nito kaya sensitive sa bagay na iyon. “I really didn’t mean to make you feel that I doubted your condition. Masyado lang malakas ang pakiramdam mo...”

“They say that when a person loses one of his senses, he finds a way to enhance the remaining ones to compensate for that loss.” Saka lang siya nito binitiwang.

Hindi niya masabi kung galit ba si Uriel.

“Sorry ulit.”

Nakasimangot pa rin ito. “Ayoko lang na ipinapaalala sa akin na hindi ako nakakakita.”

Gusto niyang sabihing naiintindihan niya.

“Pagod na akong kaawaan ng mga tao. Pinag-iisipan na pabigat at walang silbi.”

Umiling siya. “Hindi naman siguro lahat, eh, ganoon ang iniisip.”

“People can be very judgmental, you know. Hindi lang kakayahan ang minamaliit kundi pati

buong pagkatao ko,” tila himutok nito.

May isa pa siyang nadiskubre sa lalaki. Mukhang mataas ang pinag-aralan nito. At mataas ang pride.

Kaya siguro masungit.

“Sabi ko nga, hindi lahat ng tao ay parepareho. Sana bigyan mo rin ang sarili mo ng pagkakataong mas kilalanin ang mga lumalapit sa ’yo. Baka hindi pala sila ang judgmental. Baka ikaw pala.”

Umismid lang ito.

“Paano kung hindi ka naman pala nila kinakaawaan o minamaliit? Paano kung mataas pala ang tingin nila sa ’yo? Na matapang ka dahil hindi ka sumusuko sa kabila ng kondisyon mo? Na hanga pala sila sa determinasyon mo?”

“So humahanga ka ba sa ’kin?” At ngumiti si Uriel. Hindi pauyam.

May isa pa siyang natuklasan tungkol dito: mas guwapo nga ito pag nakangiti.

“Sa ngayon, mas naiinis ako sa ’yo kesa humahanga.”

Tumawa ang binata. “At least, you’re honest.”

“Wala ang awa sa listahan ng mga emosyong plano kong maramdaman sa ’yo. Mas dapat ko yatang kaawaan ang sarili ko. Wala akong

nakaraan at masuwerte nang nandito pa rin ako hanggang sa isang linggo, nagpapabigat sa inyo. Hanggang doon lang ang future ko. At ito lang ang meron ako, ang ngayon.”

Muli itong ngumiti at nakaramdam siya ng inis nang mapansin ang maliit na dimple malapit sa kaliwang bahagi ng lower lip nito.

“May nakakatawa ba?” Halata sa boses niya ang pagkaasar. Parang hindi nito siniseryoso ang sinabi niya at ang paghingi niya ng paumanhin.

Umiling si Uriel. “Pasensya ka na rin. You’ve made me realize how close-minded I’ve become.”

“Kanina ko pa napapansin na ini-English mo ako,” nakalabing saad niya.

“Baka lang ’ka ko may maalala kang importante kung mag-uusap tayo sa ibang lengguwahe.”

Tingin niya hindi talaga iyon ang dahilan. Parang spontaneous naman ang paggamit nito ng English habang nagdidiskusyon sila kanina at hindi sinadya lang para sa kapakanan niya.

“Weird ka,” parang bata niyang bulong, pero narinig pala nito.

“Ikaw lang ang nagsabi sa ’kin niyan.”

“Bakit? Sino pa bang nasa islang ito na puwedeng magsabi sa ’yo n’un?” maktol niya.

Saka niya naisip, may mga kaibigan nga kaya ito na nakakasalamuha?

“Sabagay,” sang-ayon lang nito, tila ayaw nang magkomento.

“Sige, liligpitin ko lang itong pinagkainan ko at papasok na ako sa kuwarto.” Tumayo na siya para linisin ang hapag.

“Hihintayin na kitang matapos.”

Chapter Three



Dagkatapos niyang maitabi ang mga pinggan ay nagpaalam si Uriel na lalabas para hintayin doon ang ina nito na hindi pa bumabalik. Hinagip niya ang gasera at sinabing sasama siya rito, kukunin niya lang ang tuwalya sa kuwarto. Pupunta ulit siya sa banyo. Mas maliwanag kasi ang gasera kaysa sa flashlight kaya iyon ang gagamitin niya.

Dala-dala ang gasera ay sinundan niya si Uriel palabas. Parang hindi ito bulag dahil kabisado ang dinadaan. Napansin niyang ang CR ang tinunton nito.

“Iwan ka muna namin ni Kiefer,” saad nito. “Parang gusto niyang lumabas ng bakuran.”

Napatingin siya sa aso, mukhang tinatawag ito ng kalikasan.

“Okay. Thank you.” Pumasok na siya sa loob ng banyo at inilagay ang gasera sa patungan. Flashlight ang dala niya nang pumunta kanina. Inilagay niya sa sabitan ang tuwalya.

Maliit lamang ang pinagsamang palikuran at paliguan. May malaking drum kung saan may ipong tubig. May poso sa labas, sa labahan. Marahil ay si Uriel ang nag-iigib.

Malapit sa maliit na bintana ang patungan ng gasera. Katabi niyon ang isang tabo na may lamang toothbrush, toothpaste, sabon, at shampoo na bigay rin ni Inay Cora. Ginamit niya ang maliit na baso sa loob para makapagsepilyo.

Umihip ang hangin at namatay ang ningas ng gasera. Nagdilim ang banyo. Bahagya siyang kinabahan. Hinintay na masanay sa dilim ang mga mata at ipinagpatuloy ang paglilinis ng katawan. Tinuyo niya ang sarili gamit ang tuwalya at muling isinuot ang mga damit kanina. Sa kuwarta na lamang siya magbibihis.

Binuksan niya ang pinto at nabunggo sa malapad na katawang sumalubong sa kanya. Si Uriel! Napasinghap siya nang mapagtantong nakadikit ang bibig nito sa noo niya.

Napahawak siya sa dibdib nito para itulak ang lalaki. Nalalanghap niya ang mabango nitong hininga at napatingala siya. Parang nag-iinit ang mga tainga niya at nahawakan niya ang parte ng noo na nilapatan ng mga labi nito. Pag-atras niya ay parang nawalan siya ng balanse at hinagip ni Uriel ang braso niya.

Napakunot siya nang may tumawid na imahe ng isang matandang lalaki sa isipan niya. Naka-lab coat ito, parang doktor. Nakaramdam siya ng takot nang maalala ang hawak nitong syringe. Hawak siya nito sa braso at tuturukan siya ng kung ano!

“Okay ka lang ba?” tanong ni Uriel.

“O-oo. Namatay ang gasera kaya iniwan ko na lang sa banyo.” Hinawakan niya ang kamay nito na nakasuporta sa braso niya at pasimpleng binawi ang braso rito.

“Sorry kung... nahalican kita. Hindi ko sinasadya.”

“Wala iyon. Alam kong aksidente ang nangyari.” Inayos niya ang pagkakasampay ng tuwalya sa balikat niya.

Iniiisip niya pa rin ang matandang may hawak na syringe. May kinalaman kaya ito sa nangyari sa kanya? Kinakabahan siya na di niya mawari.

“Tara nang bumalik sa bahay,” sabi nito.

“S-sige. Si Inay Coralie, dumating na ba?”

“Oo, nauna na siyang pumasok at matutulog na raw. Nandoon na sila ni Kiefer.”

“Aray!” bulalas niya nang matisod at sa isang iglap ay hawak na siya ni Uriel sa siko.

“Ayos ka lang?”

“Oo...” Siya pa na may paningin ang natatalisod. Siguro dahil lumilipad ang isip niya.

“Aalalayan na lang kita hanggang sa makapasok tayo.”

Ako dapat ang nagsasabi niyan. Pero iba ang isinagot niya. “Sige.”

Isa pa, nakakaramdam siya ng seguridad sa hawak nito. Tahimik siyang umagapay sa paglalakad ng lalaki. Sinamahan siya nito hanggang sa kanyang silid. Nang makapasok siya ay sumingit si Kiefer sa pintuan at nilampasan sila. Nakatayo lang si Uriel sa labas ng pintuan.

Natawa siya nang pumuwesto ang aso sa kama niya.

“Bakit ka natawa?” tanong ni Uriel.

Kumahol ang aso.

“Si Kiefer kasi, parang sa kama ko gustong matulog.”

“Baba, Kiefer!” utos ng lalaki.

Lumapit siya sa kama at pumasok naman si Uriel sa silid niya. “Pasensya na, pilyo talaga siya minsan.”

Nang malapit na ang lalaki kay Kiefer ay bumaba naman ang aso mula sa kama. “Sa sahig ka lang,” sabi ni Uriel. Naupo ang aso sa paanan ng amo.

“Sumusunod talaga siya sa ’yo, ano?” Alam niyang bakas ang paghanga sa tono niya.

“Na-train lang talaga. Matalinong aso si Kiefer.”

“Mukha nga,” sang-ayon niya. Saka lang niya napansin na malapit sila sa isa’t isa at nadarama niya ang init na nanggagaling sa katawan nito.

Madilim ang silid at hindi niya gaanong maaninag ang mukha ni Uriel. Sana pala ay dinaanan niya ang flashlight na iniwan niya sa mesa kanina.

“Puwede ko bang hawakan ang mukha mo?” Napasinghap siya nang mapagtanto ang sinabi. “I’m sorry...” *Ano ba kasi ang iniisip niya?*

Nagulat siya nang hagipin ng lalaki ang mga kamay niya at dalhin iyon sa mukha nito.

“I may ask the same of you.”

“O-okay lang,” lakas-loob niyang sagot. Kung iyon ang kapalit ng hinihiling niya, fair lang

siguro. Binitiwang ni Uriel ang mga kamay niyang nasa mukha nito.

Natuklasan niyang gusto niya ang texture ng balat nito sa ilalim ng mga palad niya. Medyo magaspang sa parteng may papatubong balbas. Paano kaya ito nag-aahit? Maingat niyang pinagapang ang mga palad at dinama ang cheekbones nito, ang ilong ng lalaki, ang nakapikit nitong mga mata. Sinundan ng dulo ng mga daliri niya ang magkabilang kilay nito. Pinaglandas niya ang mga daliri sa noo nito. Matapos padaanan ng dalawang daliri ang mga labi nito ay ibinaba na niya ang mga kamay.

“Salamat,” mahina niyang sambit. He was quite handsome and very manly. Pinigil niya ang mapabuntong-hininga.

“I believe it’s my turn.” Parang may himig ng ngiti sa boses ng lalaki.

Umahon sa dibdib niya ang kaba at... pananabik siguro ang tamang tawag doon.

“Go ahead,” pinatatag ang loob niyang sabi. “Isipin mong experiment ito. Gusto kong makita mo ako gamit ang mga kamay mo.” Naisip niya tuloy kung may kinalaman ba sa science ang trabaho niya, kung may trabaho man siya.

Mahilig yata siya sa experiments. O ginagamit

lamang ba niyang excuse iyon para makalapit sa lalaki at mas makilala ito?

Parang naramdaman niyang muli ang mga labi ni Uriel sa kanyang noo. Ano kaya kung natikman niya ang mga halik nito?

Sinaway na niya ang sarili sa naiisip.

Nahigit niya ang hininga nang mabining lumapat ang palad nito sa isang pisngi niya. Tila nagulat ang lalaki at agad nitong ibinaba ang kamay.

“I’m sorry,” saad ni Uriel. “Matagal na nga siguro akong walang nakakausap na iba kaya ganito ako. I don’t want to scare you.”

“Actually, masaya ako kasi nagkakausap tayo nang ganito. Hindi ko alam ang gagawin ko kung wala ka... wala kayo.” Napabuntong-hininga siya. “Siguro kung nakikita mo ako, maaawa ka sa hitsura ko. Tulad mo, ayoko rin ng kinaaawaan. Sa ngayon, masaya na ako na mas nagkakakilala tayo.”

“Kahit estranghero pa rin tayo sa isa’t isa,” dugtong nito.

“Speaking of strangers, nang makita ko ang sarili ko sa salamin kanina, it was like looking at a stranger.” Natawa siya nang mapakla.

“Kung ganoon, gamitin mo ang mga susunod

na araw para kilalanin ang sarili mo.”

Sana mas makilala pa rin kita habang nandirito ako sa inyo.

“Tama ka. Ganoon ang gagawin ko. Salamat sa inyo dahil nakakakuha ako ng lakas ng loob para para magpatuloy,” nakangiting sabi niya kahit hindi siya nakikita nito.

“Maybe you’d feel less of a stranger to yourself kung may pangalan ka. Para din ma-address ka namin ni Inang nang maayos.”

“Pangalan? Hmm, sabagay. Mas madali nga siguro kung d’un ako mag-uumpisa.”

“Kung papipiliin ka, ano’ng gusto mong itawag namin sa ’yo?”

Napakunot-noo siya. “Dahil ikaw naman ang nakakita sa akin...” Natigilan siya nang mapagtanto ang sinabi. “I mean, since ikaw ang nakatagpo sa akin, ikaw na lang ang magbigay ng pangalan ko.”

Natawa si Uriel. “Technically, si Kiefer ang nakakita sa iyo.” Tumahol ang aso. “Tanungin natin siya?”

Bahagya siyang tumawa. “Marunong ka palang magbiro?” Ang layo kasi nito sa suplado at masungit na Uriel na nakilala niya.

“Wala ba sa hitsura ko?” balik nito.

“Ewan ko sa ’yo. Baka Au-Au lang ang itawag ni Kiefer sa akin. Sige na, ikaw na lang. Pero huwag naman ’yung sobrang pangit o sobrang sinauna, ha?”

“Okay, pero kumanta ka muna.”

“Ano?” Natawa siya. “Nagbibiro ka! So, kung sintunado ako, mabantot ang itatawag mo sa akin, ganoon?”

Natawa si Uriel. “Hindi. At hindi ako nagbibiro. Seryoso ako. Parang may kaboses ka kasi. You remind me of someone I know. Siguro ngayon ko lang napansin dahil ngayon lang talaga tayo nakapag-usap.”

Tumikhim siya. “Paano ba ’yan, wala ako sa mood kumanta. Puwede bang pangalanan mo na muna ako at utang muna iyong kanta ko?”

Natawa ito. “Sige, pag-iisipan ko rin muna kung ano’ng itatawag sa ’yo para hindi ka madismaya.” Nagpaalam na ang lalaki at tinawag ang aso saka lumabas ng silid.

Pagkasara ng pinto ay napatingin siya sa bintana at nakita ang buwan.

Ang ganda ng buwan.

Naitanong niya kung napapagtuunan kaya niya ang magagandang bagay sa paligid noong wala pa siyang karamdaman. May mga bagay

kaya siyang hindi pinahalagahan noon?

Naisip niya si Uriel at nalungkot dahil hindi nito natatanaw ang buwan. Simula kaya sa pagkabata ay bulag na ito?

Chapter Four



Napapaligiran siya ng usok. Tinakpan niya ang ilong ng basang panyo para makahinga. Nahihirapan siyang makakita dahil sa makapal na usok sa paligid. Malaki na ang apoy at kailangan niyang makalabas ng silid. Hindi na niya kayang isalba ang mga importanteng dokumento at drives nang hindi isinasangkalan ang buhay niya.

Nahihilo na siya at hindi na niya maihakbang ang mga paa. Nadapa siya nang matisod sa kung anong nakakalat sa sahig.

Dito na ba ako mamamatay? tanong niya sa sarili.

Handa na siyang sumuko nang may humatak

sa kanya. Natagpuan niya ang sarili na buhat ng tagasalba niya, ligtas sa mga bisig nito. Nagawa nilang makalabas ng silid.

Alam niyang isang bumbero ito dahil sa suot na uniporme.

“Don’t panic. ’Andito ako para tulungan ka.” Mabilis siya nitong nailabas mula sa nasusunog na gusali. “Ligtas ka na.”

Nang tingnan niya ang nagligtas sa kanya, ang nakangiting mukha ni Uriel nakita niya.

Napamulat siya. Nanaginip na naman pala siya. Dahil medyo maganda na ang pakiramdam, napilit niya si Inay Cora na payagan siyang labhan ang marurumi niyang damit. Nang itanong nito kung marunong ba siyang maglaba, kibit-balikat ang isinagot niya.

Sinamahan siya nito sa poso at doon ay nakapag-usap sila.

Nalaman niya mula kay Inay Cora na sa isang aksidente natamo ni Uriel ang pinsala sa mga mata. Nakakakita ito dati. Nagtrabaho raw ito bilang architect bago pumasok bilang bumbero tulad ng ama.

Si Uriel ang nag-design ng renovation sa bahay ng mga ito at ng annex sa mansion ng mga Rosales. Bakas ang talento nito sa detalye,

istilo, at pagkakaayos ng mga espasyo sa silid na kinaroroonan niya. Siguro, kung makikita niya ang extension ng tahanan ng mga Rosales, mas mapapatunayan niya iyon.

Nawala raw ang paningin ng lalaki sa isang fire-rescue operation ng team nito. Naalala niya ang panaginip. Totoo kayang nakaligtas siya sa sunog? Bakit si Uriel ang nakita niyang sumagip sa kanya?

Isa itong Fire Lieutenant o second in command sa istasyong kinabilangan. Natamaan ng bubog ang mga mata nito nang may sumabog sa gusaling nasusunog habang palabas ito kasama ang isang kapwa bombero na isinalba. Namatay ang ibang kasamahan nito na naiwan sa loob. Ang driver ng fire truck, si Uriel, at ang kasamahan nitong iniligtas lamang ang nabuhay sa grupo.

Gusto niyang isipin na ito nga ang nagligtas sa kanya. Pero kung ganoon nga, sinisisi ba siya nito sa pagkamatay ng marami sa mga kasamahan nito? Ayon kasi kay Inay Cora ay parang may survivor's guilt si Uriel. Nakokonsyensya na nakaligtas ito samantalang marami sa mga kaibigan nito ay namatay. Tingin ng ina nito ay iyon ang dahilan kung bakit tumanggi itong

magpaopera kahit sabi ng doktor ay may pag-asa pang muli itong makakita.

Bandang hapon ay nagpaalam siya kay Inay Cora na lalabas ng bahay para maglakad-lakad sa tabing-dagat. Sinabi nito na aalis din ito at pupunta sa bahay ng mga Rosales.

Bughaw na bughaw ang langit at natatakpan ng tila bulak na mga ulap ang araw. Ang asul na asul ang tubig at tanaw niya ang mga bundok sa malayo. Maputi ang buhangin sa ilalim ng tsinelas niyang suot na pahiram ni Inay Cora.

Parang nasa paraiso siya. Hindi nakakapagtaka na mabilis ang paggaling niya. Huminga siya nang malalim at marahang pinakawalan iyon. Malamig at sariwa ang hangin. Ilang beses niyang inulit iyon habang nakapikit. Pinakinggan niya ang paghampas ng alon sa pampang.

Napamulat siya nang may kumahol. Nasa harapan niya si Kiefer. Kumahol ulit ito sa kanya. Nginitian niya ito. Naupo ang aso at tunitig sa kanya, parang nakatawa.

“Kiefer...” tawag niya at iniunat ang kamay para haplusin ito.

Tumaas ang mga tainga nito nang makarinig ng sipol kaya agad niyang binawi ang kamay. Tumayo ang aso at tumakbo palayo. Sinundan

niya ito. At natanaw niya ang lalaking nasa tubig. Hanggang leeg nito ang lalim.

“Uriel?”

Sinaway niya ang sarili na mag-alala. Baka pag dinaluhan niya ang lalaki ay isipin na pinagdududahan na naman niya ang kakayahan nito. Pero lumubog ang ulo nito sa tubig at nawala ito sa paningin niya.

“Uriel!” sigaw niya.

Hinintay niyang lumitaw muli ang ulo nito, bagaman nakatakbo na siya papunta sa tubig. Napakalakas ng tibok ng puso niya. Lumangoy siya patungo sa kinaroroonan ni Uriel kanina.

Marunong pala siyang lumangoy. Iginala niya ang mga mata. Nasaan si Uriel? Sumisid siya para hanapin ito sa ilalim. Malinaw ang tubig at kitang-kita niya ang sahig ng buhangin, pero wala roon ang lalaki.

“Uriel!” hinihinal niyang sigaw muli nang iangat ang ulo mula sa tubig.

Nagulat siya nang pagharap ay may bumangga sa kanya. Si Kiefer! Lumalangoy ang aso sa kanyang tabi. Saka niya nakita sa Uriel.

“Ano’ng ginagawa mo dito?” tanong ng lalaki na animo’y nakikita siya.

Hindi niya mapigilan ang sariling mapatitig

dito. Nakadagdag sa kakisigan nito ang basang buhok. Kita rin niya ang malapad nitong mga balikat. Ngayon lang yata niya ito nakita sa ilalim ng natural na ilaw. Parang modelo sa ad ng surfboard ang lalaki. Matipuno ito at halos perpekto.

Siguro nga nasa paraiso ako.

Sinaway niya ang sarili, pero hindi naiwasang isipin kung ano kaya ang pakiramdam ng mabuhat sa loob ng mga bisig nito. Naalala niyang ito ang bumuhat sa kanya nang mapadpad siya sa isla, pero halos wala siyang malay noon. Kumahol ang aso at naalala niyang may itinatanong si Uriel.

“Akala ko kasi nalulunod ka,” sagot niya. “Nag-alala ako.”

Ngumiti ang binata at muling tumambol ang dibdib niya, pero hindi na sa takot at pag-aalala katulad kanina. Napatingin siya sa katawan niya. Basa ang damit niya at bakat ang dibdib niya sa suot. Isa lang ang bra niya at nilabhan niya iyon kanina. Ang totoo ay nasasanay na siyang hindi nagsusuot niyon habang nasa isla.

Nahiya siya at nag-init ang mga pisngi kahit alam niyang hindi naman siya nakikita ng lalaki.

Narinig niyang tumatawa si Uriel at nang

tumayo ito ay napanganga siya. Inaamin niyang nabigla rin siya dahil wala itong pang-itaas, pero ang isa pang dahilan ay mababaw lang pala ang tubig. Lumangoy kasi at buong akala niya ay nasa malalim na silang parte.

Napalunok siya.

“Lagi mo bang ginagawa ito? Baka natakot din si Inay Coralie kung nakita ka niya.” Napairap siya.

“Magaling lumangoy si Inang kaya tingin ko kaya niya akong sagipin, at alam niyang mababaw lang ang tubig sa parteng ito,” sagot ng lalaki. “Pasensya na kung napag-alala kita.”

“Huwag mo na sanang ulitin...” Huli na para bawiin ang sinabi, pero mukhang hindi naman iyon minasama ng lalaki.

“Ginagawa ko talaga itong trick na ito kay Kiefer pag ayaw niyang maligo,” paliwanag ni Uriel. “Ilulubog ko ang buong katawan ko sa tubig kapag ayaw niyang lumusong at palagi ko siyang napapasunod.”

“Oo, pati ako napasunod mo,” mapaklang sabi niya.

Tumawa ang lalaki, at parang napapahiyang kinagat ang labi. “Sorry na talaga.”

“Okay lang, huwag mo na lang akong

pansinin.” Na-appreciate niya ang aso. Kahit ilang beses nang ginamit dito ang trick na iyon ay nahuhulog pa rin ito. Hindi yata matalino ang aso. *Uto-uto.*

Pero baka ganoon talaga ang aso pag mahal ang amo. Loyal. Tao lang naman ang mabilis mapagod at sumuko. Napabuntong-hininga siya.

“Kung ako din ang nasa katayuan mo at ikaw ang di nakakakita, mag-aalala din ako,” saad ni Uriel. “Kaya nagpapasalamat ako at na handa ka palang iligtas ako.”

Nagulat siya sa sinabi ng lalaki. Parang hindi na ito ganoon ka-sensitive sa kapansanan nito. “Sabihin nating malaki ang utang na loob ko sa ’yo. You saved me first.”

“Hindi ako naniningil,” malumanay na saad nito.

“Pero salamat pa rin. Utang ko sa iyo, sa inyo, ang buhay ko.”

Kumahol si Kiefer at lumapit kay Uriel. Parang niyaya nito ang lalaki na umahon na sa tubig.

Natawa siya at ganoon din si Uriel. Nakaramdam siya ng saya nang marinig ang halakhak nito.

“Uwi na tayo?” suhestyon ng lalaki.

“Babanlawan ko pa si Kiefer sa poso.”

Habang naglalakad ay sinabi niya rito ang natuklasan. “Alam mo ba, nalaman ko ngayon lang na marunong pala akong lumangoy at sumisid. Parang gustung-gusto kong nasa tubig. Siguro palagi rin akong nasa dagat dati.”

“Masaya ako at unti-unting nakikilala mo nang muli ang sarili mo.”